# Philippine Biblical Worldview Institute
## Certificate in Christian Ministries

# Introduction to Biblical Christian Worldview ©
Conrad Jun Tolosa
Revised August 23, 2021

## 500. Man in the Image of God

### 501. Dignity

Ayon sa Genesis 1:26, ang tao ay nilikhang kawangis ng Diyos. Ang sabi ng Diyos, *Let us make man in our image, after our likeness. And let them have dominion over the fish of the sea and over the birds of the heavens and over the livestock and over all the earth and over every creeping thing that creeps on the earth.*

Sa ating pakikitungo sa ibang tao huwag nating kalilimutan na ang kahalagahan ng tao ay nasasakanyang pagkalikha. Ibig sabihin ang Diyos ang nagbigay sa tao ng kanyang halaga, ng kanyang value or worth.

Samakatuwid, ang kahalagahan ng tao ay wala sa kanyang sariling opinion o opinion ng ibang tao. Ang kanyang halaga ay wala rin sa kanyang physical appearance, abilities or social standing. At wala rin sa kanyang performance - successful man siya o failure.

In short, ang tao ay may dignidad simply because God created him in His image. Matapos likhain ng Diyos ang lalaki at ang babae, sila ay Kanyang pinagpala at tinawag na Tao.

Ang sabi sa Genesis 5 ay ito, *So, God created man in His own image. In the image of God, He created Him male and female He created them*. Natutuhan natin sa nakaraang bahagi ng araling ito na ang salitang ginamit sa pagpapala ay may kinalalaman sa tuhod. Kaya ang nilalarawan sa eksenang ito ay ang pagluhod nang pinagpapalang tao sa harapan ng nagpapalang Diyos.

Ang pagluhod ay nagpapahiwatig ng dalawang bagay: pagsamba at pagpapasakop. Sa eksenang ito, nakapaloob ang meaning o fulfillment ng buhay ng tao. Ibig sabihin, matatagpuan ng tao ang kaligayahan o kaganapan ng kanyang buhay sa pagsamba at pagpapasakop o paglilingkod sa kanyang Maylikha.

Ang pagsamba ay ang pagbibigkas ng ating pag-ibig sa Diyos at pagbibigay puri sa Kanyang mga katangian at mga kamangha-manghang ginawa. Ang pagpapasakop o ang paglilingkod sa Diyos ay nakapaloob sa Original Mandate at sa Great Commission.

Ang Original Mandate ay ito: *And God blessed them and said to them, Be fruitful and multiply and fill the earth and subdue it, and have dominion over the fish of the sea and over the birds of the heavens and over every living things that moves on the earth.*

Ang Great Commission naman ay *Go, therefore and make disciples of all nations, baptizing them in the name of the Father and of the Son and of the Holy Spirit, teaching them to observe all that I have commanded you. And behold, I am with you always, to the end of the age.*

Mabigat ang mandato na inihain ng Diyos sa tao subalit hindi naman siya bibigyan ng ganitong kabigat na gawain kung hindi naman siya bibigyan ng kakayahan – mga abilities and qualities upang matupad ito. With responsibilities come needed abilities and qualities.

Ang tanong ay ito: Ano ba ang nilalarawan ng tao tungkol sa Diyos?

Ang pagkalikha sa tao ay bukod-tangi. Binigyan ng Diyos ang tao ng intellect, emotion, will, knowledge, righteousness and holiness. Ang mga bagay na ito ay nananahan sa kanyang puso, ayon sa Bibliya. (Pag-aaralan natin ang mga bagay na ito ng mas detalyado in another video entitled Man and the Effects of Sin)

Matapos nating talakayin ang mga abilities at qualities na pinagkaloob ng Diyos sa tao, atin namang silipin ang mga character traits na maisasapamuhay niya. Ang mga ito ay ang bunga ng Espiritu ng Diyos na binanggit sa Galatians 5:22, love, joy, peace, patience, goodness, kindness, gentleness, faithfulness and self-control. Ang mga character traits na nasa kanyang kalooban ay mailalabas niya o maisasapamuhay niya habang isinasakatuparan niya ang mga gawain na iniatas sa kanya ng Diyos.

Hindi naman nangangahulugan na ang tao ay walang pinagkaiba sa Diyos. Ang kalikasan ng Diyos ay sa Diyos lamang. Siya ay walang simula at walang wakas.

Dahil sa kami ay mahirap, sobra-sobra ang pang-aaping naranasan ko mula sa mga kaklase kong mayayaman. Lumaki akong mahiyain at may mababang pagtingin sa sarili.

Nagtataka si Job kung bakit masyadong pinagkakaabalahan ng Diyos ang tao (Job 7:17).

Ang tanong ni Haring David sa Diyos ay ito, *Ano ang tao na laging Mo siyang inaalala, ang anak ng tao na iyong inaaruga?*

Sa Psalms 139, ito naman ang sinasabi tungkol sa tao. Kahanga-hanga at buong ingat ang paglikha ng Diyos sa tao.

Nawala ang mababang pagtingin ko sa aking sarili nang maunawaan ko ang katotohanang ito. Ang aking karangalan o dignidad ay nasa pagkalikha sa akin ng Panginoong Diyos; na ako ay nilikha sa Kanyang sariling larawan.

Bakit nga ba napaka-special ng tao sa Diyos? Taglay ng John chapter 1 ang mga napakahalagang Salita patungkol sa Cristo. *Sa simula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. Ang Salita ay nagkatawang lupa at namuhay na kasama natin.*

Bakit espesyal ang tao sa mata ng Diyos?

Ito ang dahilan: in the beginning God created man in the image of God. Four thousand years later, God will come to earth in the image of man.

## 502. Freedom

Sa simula, nilikha ng Diyos ang langit at lupa. Subalit ang lupa ay hungkag, walang porma sapagkat ang Diyos ay may designated gardener, ang tao. Nilagay ng Diyos ang tao sa Hardin ng Eden upang ito ay

pagyamanin at alagaan. Take note na sa simula pa lamang ay mayroon nang trabaho ang tao. Tunay na malaya ang tao na tuparin ang layuning pinagkaloob sa kanya ng Diyos sa anumang kaparaanang maisip niya.

Maraming klaseng punongkahoy ang nasa Eden. Maraming pagpipilian. Sinabi ng Diyos kay Adan na maaari siyang kumain ng prutas ng kahit anong puno sa Eden maliban lamang sa puno ng kaalaman ng mabuti at masama, sapagkat sa araw na siya ay kumain nito, siya ay tiyak na mamamatay (Genesis 2:17). Ang dapat maunawaan patungkol sa kalayaang ito na pinagkaloob ng Diyos sa tao ay ang taglay nitong boundary. May limitation.

Ang tanong ay ito: Ano ang ibig sabihin ng kalayaang pinagkaloob ng Diyos sa tao?

Ang kalayaang binigay ng Diyos sa tao ay nakapaloob sa kalooban ng Diyos. In other words, may limitasyon. Hindi pwedeng lumampas sa boundary na nakaset na. Hindi puwede ang mag-over-the-bakod. At ito ay niliwanag ng Diyos noong simula pa lamang.

Kaya kung ang tao ay susuway, wala siyang mao-offer na excuse para makalusot.

Noong June 12, 1898, dineklara ng ating mga ninuno ang kanilang kalayaan mula sa pananakop ng mga Espanyol. Nagtatag sila ng sarili nilang gobyerno. Subalit hindi nagtagal ang kalayaang ito sapagkat ang Pilipinas ay sinakop ng mga Amerikano.

Di tulad ng mga Espanyol, naging mainam ang ginawang pananakop ng mga Amerikano. Dumating ang panahon na naging magaan ang pagsunod ng ating mga kababayan sa kagustuhan ng mga banyaga. Sila ay pinangakuan ng kalayaan.

Bagamat dumating ang araw na nakamtan ng mga Pilipino ang pinangakong independensya - samakatuwid ay hindi na sila mananagot sa America - patuloy pa rin ang kanilang pananagutan sa Diyos patungkol sa uri ng kanilang pamumuhay. Walang bayan sa balat ng lupa na labas sa pananakop ng soberenidad ng Diyos.

Ang tao ay nilikhang malaya, subalit hindi siya nilalang upang gumawa ng sariling batas na sasakop sa kanyang pamumuhay na walang pananagutan sa Diyos. Hindi rin ibig sabihin nang kalayaang tinamo ng tao sa Diyos na magagawa niya ang anumang naisin niya.

Halimbawa, hindi natin kakayanin na palitan ang mga pinagkaloob sa atin ng Diyos tulad ng *physical appearance*, at hindi rin natin kayang makapamili ng *magiging magulang*. May kasabihan tayo, *you can choose your friend but you are stuck with your relatives.* At hindi rin natin kaya na makapamili kung ano ang ating magiging *nationality*. Not unless mag- migrate tayo sa ibang bansa at maging naturalized citizen. At hindi rin natin kaya kung anong *period of human history* tayo ipapanganak.

Ang mayroon tayo ay freedom to make choices that had been made available to us. Tulad ng mga prutas sa Garden of Eden.

Matapos makalaya ang bayan ng Israel mula sa pagkaalipin sa Egypt, nakipagtipan ang Diyos sa kanila. Ang tipan na ito ang nagpapatunay na makakamtan ng mga Israelita ang kasaganaan kung sila ay mananatiling tapat sa Diyos. Ang kabaligtaran naman ay tiyak na mangyayari din kung sila ay susuway sa Kanyang mga

kautusan. Ang mga Israelita ay may kalayaang sundin o hindi sundin ang kalooban ng Diyos. Ang kasaganaan o kapahamakan ay nakasalalay sa kanilang mga kamay.

Ganito rin ang situwasyon natin ngayon, we have the freedom to make choices. Kaya nga lang ang choices natin sa kasalukuyan ay limited by how much money we have. Ano ang ating kakainin? Saan tayo titira? Anong klaseng damit ang ating susuotin? Saan mag-aaral ang ating mga anak? And so on. Lahat iyon ay depende kung magkano ang pera natin sa bangko.

Dahil sa kamahalan ng mga bilihin sa kasalukuyan, ang mga mahihirap nating kababayan ay hindi na halos makakain ng masasarap na putahe. Gusgusin na ang kanilang mga damit. Tagpi-tagping plywood at yero nalang ang kanilang mga tahanan.

Kaya naman masasabi na ngayon ang kalayaan na makapamili ay nangangailangan ng maraming pera. At may kasabihan dito sa atin na wala nang libre ngayon. Subalit ang kalayaan na sundin o hindi sundin ang kalooban ng Diyos ay hindi nangangailangan ng pera.

Minsan sinabi ng Panginoong Jesus na hindi tayo makapaglilingkod sa dalawang panginoon. Hindi natin kakayanin na maglingkod sa Diyos at sa Pera. Magiging tapat tayo sa isa at hindi tapat sa isa. Huwag nating kalimutan ang katotohanan na ang ating susundin ay ang pinaka-malakas na naisin ng ating puso.

Kaya ang tanong ay ito: Sino ang mas gugustuhin mong bigyan ng kasiyahan? Ang Diyos o ang iyong Sarili?

### 503. Rebellion

Taglay ng Genesis 3 ang salaysay nang pagkahulog ng tao sa kasalanan. Dito natin makikilala ang isang nilikha na pinakatuso sa lahat ng animal sa balat ng lupa, ang ahas. Nang tuksuhin niya ang Tao, pinili ng Tao na siya ang paniwalaan kaysa sa salita ng Diyos. Kaya naman, ang tao ay nahulog sa kasalanan.

Sa pagpapatuloy ng ating aralin kilalanin muna natin ang isang mahalagang character sa history of man and the world, ang ahas.

Sa history nang sansinukob nakalathala sa Isaiah 14 ang nilalaman ng puso ng isang magiting na anghel, ang unang nilalang na kumontra sa Diyos. Ito ang naging laman ng kanyang puso – *Iaangat ko ang aking sarili sa kalangitan; iaangat ko ang aking trono sa ibabaw ng mga bituin ng Diyos; Ilukluklok ko ang aking sarili sa bundok ng kapulungan, sa pinakamatayog na itaas ng bundok na banal. Iaangat ko ang aking sarili sa itaas ng mga ulap; Gagawin ko ang aking sarili na tulad ng Kataas-taasang Diyos.* (Isaiah 14:13-14)

Sa Ezekiel 28 ay nakapaloob ang paglalarawan kung anong uring nilalang ang rebeldeng ito. *Ikaw ang modelo ng walang kapintasan, puno ng karunungan at sukdulang ganda. Naroon ka sa Eden, sa hardin ng Diyos; mamahaling hiyas ang nakaadorno sa iyo. Itinangi kang bantay cherubin. Kasama ka ng mga naglalakad sa banal na bundok ng Diyos. Walang maipipintas sa iyong mga gawi mula ng araw na ikaw ay lalangin hanggang sa sandaling ang kabuktutan ay natagpuan sa iyo.* (Ezekiel 28:11-15)

Sa Revelation 12, nakasulat ang kinahinatnan ng rebeldeng ito. *At nagkaroon ng digmaan sa kalangitan. Si Michael at ang kanyang mga anghel ang sumagupa sa dragon; ang dragon at kanya namang mga anghel ay lumaban. Subalit hindi siya ganoon kalakas at sila ay natalo, at nawala sila sa kanilang kinalalagyan sa langit. Ang magiting na dragon ay itinapon yaong ninunong ahas na kinikilalang diablo o Satanas, na*

*namumuno sa pagkakanya-kanya ng buong mundo. Itinapon siya sa lupa, kasama ang kanyang mga rebeldeng anghel.* (Revelation 12:7-9)

Kaya pala ayon kay Apostol Pablo, hanggang ngayon ay kayang-kayang magpanggap ni Satanas na isang anghel ng liwanag, at ganoon din ang kanyang mga kampon. (2 Corinthians 11:14)

Sa sobrang dunong ni Satanas nakaya niyang paglalangan ang kanyang sarili. Naniwala siya na siya ay may malayang kalooban na katulad nang sa Diyos na walang makahahadlang.

Dapat nating maunawaan ang kaibahan na walang makahahadlang sa kalooban or free will at ng kalayaang makapamili or freedom to choose. Tayo at ang mga anghel ay may kakayahang makapamili (freedom to choose) subalit ang Diyos lamang ang may walang-makahahadlang na kalooban (free will).

Sa simula pa lamang niliwanag ng Diyos sa tao na kapag kumain siya ng pinagbabawal na bunga siya ay tiyak na mamamatay. Binigyan ng Diyos ang tao ng kalayaang makapag-desisyon ng sarili ngunit hindi ang kalayaang makapagsarili. Ang tao ay hindi maaaring maging batas para sa kanyang sarili.

Nang suwayin niya ang utos ng Diyos, siya ay nararapat na husgahan ng kamatayan. May dalawang uri ng kamatayan: a) espirituwal - ang pahihiwalay ng espiritu ng tao sa espiritu ng Diyos, at b) pisikal - ang paghihiwalay ng kaluluwa ng tao sa kanyang katawang lupa. Nang araw na nagkasala ang tao, siya ay agad dumanas ng espirituwal na kamatayan. Marami pang taon ang lumipas bago siya namatay nang pisikal.

Nang kumain si Eba ng pinagbabawal na prutas dumanas siya kaagad ng espirituwal na kamatayan. Ito ay hindi napansin ni Adan, parang walang nangyari kay Eba. Kaya, inisip niya na ang ahas ang nagsasabi ng katotohanan at hindi ang Diyos. Ang malungkot na resulta ng pagkakamali ng obserbasyon ni Adan ay kumain din siya kaya ang espiritu ng Diyos ay humiwalay din sa kanya.

Sa pagkakataong iyon naunawaan nina Adan at Eba ang kasalanan na kanilang ginawa sapagkat nagkaroon sila ng pag-uusig ng budhi at pagkahiya – guilt and shame. Naging aware sila na sila ay hubad. Subalit, huli na ang lahat. Pagkalipas ng maraming taon naranasan din nila ang physical na kamatayan.

Sa kanyang liham, niliwanag ni James na ang kasalanan ay nagmumula sa pagkaakit at pagpapatangay sa tukso. James 1:14

Ganito ang nangyari kina Adan at Eba. Tinukso sila ni Satanas na maging katulad ng Diyos na alam ang mabuti at masama. Naakit si Eba sa mungkahi ng diablo at siya ay nagpatangay sa naising maging katulad ng Diyos. At siya ay nagkasala.

Ang kamatayan ay nakapasok sa mundo sa pamamagitan ng kasalanan. Ibig sabihin, kaya may kamatayan ay dahil may kasalanan.

### 504. Redemption

Ang kasalanan kailanman ay hindi magiging katanggap-tanggap sa Banal na Diyos. Sinasabi sa Bibliya na *ang lahat ay nagkasala at ang kabayaran ng ating kasalanan ay kamatayan* (Romans 3:23, 6:23).

Kaya naman, alam natin na ang lahat ng tao ay daranas ng kamatayan sapagkat hindi mapagkakaila na ang lahat ay nagkakasala.

Ang tanong ay ito:  Mayroon bang pag-asa ang tao na maka-iwas sa kamatayan?

Isang araw dinalaw ng isang anghel si Birheng Maria, na kasintahan ni Jose. Sinabi ng anghel na dadalhin ni Maria sa kanyang sinapupunan ang uupo sa trono ni David na maghahari sa bayan ng Israel magpakailan pa man (Luke 1:32).

Nang mapag-alaman ni Jose na nagdadalang-tao si Maria, minabuti niyang makipaghiwalay sa kasintahan nang palihim upang ito ay hindi mapahiya. Subalit bago magawa ni Jose ang bagay na iyon, binigyang liwanag ng anghel ang kanyang isipan. At sinabi ng anghel kay Jose na pangalanan niya ang sanggol na Jesus sapagkat Siya ang magliligtas sa Kanyang bayan mula sa kanilang mga kasalanan (Matthew 1:21).

Samantala, mula sa ilang, narinig ang malakas na hiyaw ni John the Baptist, *Magsisi kayo sa inyong kasalanan, malapit na ang kaharian ng Diyos*. Dumami ng dumami ang nakikinig kay Juan.

Isang araw, isang lalaki ang nagtungo sa kanyang kinaroroonan kung saan siya ay nangangaral at nagbabautismo. Ang lalaking ito ay si Jesus na taga-Nazareno.

Tinuro ni Juan si Jesus sa kanyang mga disipulo at sinabi niya ang ganito: *Pagmasdan ninyo, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng tao.*

Ano ang ibig-sabihin ni Juan na si Jesus ay Kordero ng Diyos?

Sa kasaysayan ng bayan ng Israel, ang bayan na hinirang ng Diyos, the chosen people of God, ay nagsasalarawan nang paraan na minabuti ng Diyos kung paano magkakaroon ng daan ang makasalanang tao papunta sa Banal na Diyos, upang sila ay mapagkasundo.

Ito ang taglay ng Deuteronomy 14 na sinabi ng Diyos sa Israel, *For you are a holy people to the Lord your God, and the Lord has chosen you to be a people for Himself, a special treasure above all the peoples who are on the face of the earth.*

Si Jesus ay ibinilang ng Diyos sa lahi ng Israel.

Sa Hebrews 9, sinasabi na *kung walang daranak na dugo, walang kapatawaran*. Sa Leviticus 17 naman matututuhan natin na *ang buhay ng isang nilalang ay nasasa dugo at dugo ang panaklob sa kasalanan na pinag-utos ng Diyos na gamitin ng sinumang lalapit sa Kanyang harapan.*

Samakatuwid, ang nilalarawan ng mga animal sacrifices na ginawa ng bayan ng Israel bilang alay sa banal na Diyos upang sila na makasalanan ay mailapit sa Diyos ay ang gagawing pagtubos ng Anak ng Diyos sa bayan ng Diyos. Kaya pala, si Jesus ay tinawag ni Juan na Kordero ng Diyos sapagkat Siya ang magiging handog ng Diyos upang ang Kanyang dugo ang magsilbing panghugas sa kasalanan ng Kanyang bayan.

Ang buhay ni Cristo ay mas mahalaga pa sa buhay ng pinagsama-samang buhay ng lahat ng makasalanang tao sa buong mundo sapagkat ang Kanyang buhay ay walang bahid; walang anumang karumihan. Sa mata ng Diyos, walang katumbas ang buhay ni Cristo. Wala nang iba pang magsisilbi na katanggap-tanggap sa Diyos bilang pantubos sa makasalanang tao kundi ang buhay ni Jesus.

Ang katotohanang ito ang makapagpapaliwanag sa mga sinabi ni Cristo nang ihambing Niya ang Kanyang sarili sa isang mabuting Pastol.

Ang sabi Niya sa John 10 ay ito, *Ako ang mabuting pastol. Iniaalay ng mabuting pastol ang kanyang buhay para sa mga tupa. Nakikinig sa Akin ang Aking mga tupa; nakikilala Ko sila, at sumusunod sila sa Akin. Binibigyan Ko sila ng buhay na walang hanggan. Kailanma'y hindi sila mapapahamak at hindi sila maaagaw sa Akin ninuman.*

Dahil sa kasalanan, nawalay nga ang Banal na Diyos sa naging makasalanang tao. Subalit tulad nang sinabi sa John 3:16, *Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay Niya ang Kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.*

And finally, sa John 14:6, sinabi ni Cristo na *Siya ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan Niya.*

Ito ay sapagkat si Cristo ay walang katulad. Walang ibang tao sa kasaysayan ng mundo na hindi nagkasala kundi Siya lamang. Kumbaga, si Cristo lamang ang may katangian na maging katanggap-tanggap na handog para sa kasalanan ng tao tulad ng nilarawan sa lumang tipan.

Dumanak ang dugo ni Cristo sa Kalbaryo. Sa pamamagitan ng pagtitiwala kay Cristo, ang nagsisising tao ay napawawalang-sala at siya ay nagiging katanggap-tanggap sa Diyos dahil sa katuwiran ni Cristo ang babalot sa kanya.

## 505. Transformation

Sa mga nakaraang lessons natutuhan natin na:

1) Ang tao ay nilikhang kalarawan ng Diyos; mayroon siyang mga katangian na nagpu-project ng katangian ng Diyos at dahil dito ang tao ay may dignidad.
2) Ang tao ay nilikhang malayang makapamili; mayroon siyang freedom to make choices, subalit may boundary na kasama ang kalayaang ito at siya ay nanatiling may pananagutan sa Diyos,
3) Ang tao ay natukso at nagkaroon ng pagnanasang maging katulad ng Diyos; nang siya ay naniwala sa kasinungalingan ni Satanas, na nagtulak sa kanya na suwayin ang utos ng Diyos siya ay napailalim sa kapangyarihan ng kamatayan, at
4) Sinugo ng Diyos Ama ang Diyos Anak upang tubusin ang Kanyang bayan sa pagkaka-alipin sa kamatayan.

Sa araling ito tatalakayin natin ang nangyayaring pagbabago o transformation sa mga tao na nagsasapamuhay ng mga salita ni Cristo na kanilang narinig.

Sa John 8, sinasabi ni Cristo na malalaman ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo. (John 8:32)

Ang katotohanang ito ay para sa mga nagtitiwala sa kanyang salita at nagsasapamuhay nito. Malalaman ng mga mananampalataya na maraming bagay ang nag-aalipin sa tao:

1) Ang pagnanais na maging katulad ng Diyos na siyang nagbibigay kahulugan kung ano ang mabuti o masama at kung ano ang tama o mali na nauuwi lamang sa kanya-kanyang opinion na base lamang sa kanya-kanyang haka-haka,

2) Ang pagnanais na sundin ang pita ng kanyang mga mata at ng kanyang laman nang walang pakundangan, na ang kinahihinatnan lamang ay kapahamakan,
3) Ang pagnanais na siya ang dapat masunod sa lahat ng issues of life na siya namang nagiging sanhi ng kaguluhan,
4) Ang pagkatakot sa kamatayan na nauuwi lamang sa pagkalugmok.

Ang mga katuruan ni Cristo lamang ang magpapalaya sa tao mula sa pananakop ng fear, worry and anxiety, ng guilt and shame at ng marami pang ibang bagay na nagpapabigat sa kanyang buhay.

Sa buhay ng mga believers in Christ, ang mga negatibong bagay na ito ay mapapalitan ng pag-ibig sa Diyos, ng kagalakan, kapayapaan, kasiguruhan, at marami pang ibang mabubuting bagay.

Ito ang maghihiwalay sa believers sa non-believers at ito ay magiging kapuna-puna sa mga taong nasa kanilang paligid. Mapagmamasdan nila ang isang positibong transformation. Dahil sa ang panloob na transpormasyon na nangyayari sa buhay ng isang believer ay positive force, pati ang mga nasa kapaligiran niya ay makalalasap ng benepisyo mula sa nagaganap na pagbabago.

Hindi mahirap isipin na ang mga mananampalataya sa isang barangay ang pagmumulan ng pagbabago ng buong nayon.

- Ang mga human relationships ay magkakaroon ng pag-asang bumuti,
- Ang kadiliman sa lipunan ay maaaring mabawasan dahil sa taglay na liwanag ng mga namumuhay sa salita ni Cristo.
- Unti-unting magliliwanag ang landas na dapat tahakin ng mga mamamayan.

Minsan, nagkuwento ang Panginoong Jesus. Ang wika Niya sa Matthew 13:33, *Ang kaharian ng langit ay tulad ng lebadura na kinuha ng isang babae at isinama sa isang malaking kumpol na arina hanggang sa ito ay humalo sa buong masa*.

Ganito ang maaaring influence ng mga alagad ng Panginoong Jesus.

Sinasabi sa Ephesians 2:10 na *ang mga nagtitiwala kay Cristo ay gawang-sining ng Diyos, nilikha kay Cristo Jesus upang magtrabaho ng mabubuting gawa na itinalaga Niya para sa atin*.

Samakatuwid, maraming maa-accomplish ang mga mananampalataya para sa pagbabago ng kani-kanilang lipunan kung tutuparin nila ang plano ng Diyos para sa kanilang buhay.

Ang tanong ay ito:  Paano tayo makatutulong sa transpormasyon ng ating bayan?

Dahil sa kahirapan, hindi pumapasok sa aking isipan ang tumulong sa kapwa habang ako ay lumalaki. Walang ibang laman ang aking isip kundi ang yumaman. Kaya hindi ako nag-dalawang isip nang ako ay tanungin ng aking ina kung nais kong makapunta sa America at doon maghanap ng trabaho. At doon, nakilala ko ang aking napangasawa.

Matapos ang mahabang panahon ng pagpapagal, nakabili kami ng bahay, kotse at maraming kasangkapan. Subalit hindi nagtagal ang kasiyahang dinulot ng mga bagay na ito. Muli akong naghanap ng kasagutan.

Dumanas ako ng isang matinding transpormasyon nang makilala ko si Cristo. Siya ang nagbigay liwanag sa aking puso tungkol sa layunin ng aking buhay. Nakamtan ko ang ligaya nang mapag-alaman ko ang dakilang pag-ibig ng Diyos para sa akin. Maging ang aking maybahay ay dumanas din ng transpormasyon. Ang mahalaga sa amin ngayon ay ang sumamba sa Diyos at makatulong sa kapwa.

Maliwanag na itinuturo ng Bibliya na tayong mga believers ay may tungkulin sa kaharian ng Diyos. Tayo ay pinagkalooban ng mga abilidad at talento para magamit sa kaunlaran at paglago ng ating lipunan. Mayroon tayong mabubuting gawain na dapat pagpaguran. Tayo ay gagamitin ng Diyos na parang lebadura sa pagbabago ng ating bayan. Nararapat na ating harapin ang layuning ito.

Marami ang nagsasabi sa ating bansa na nais nila ng pagbabago. Masyadong matindi na ang corruption sa mga ahensya ng pamahalaan subalit ang may mga kapangyarihan ay hindi interesado sa pagbabago.

Subalit hindi tayo dapat mawalan ng pag-asa. Alalahanin natin na ang ating Diyos ay mahabagin at mahaba ang pasensiya. Ang nararapat gawin ng mga alagad ni Cristo ay magpatuloy sa paglakad sa matuwid na daan tungo sa ikauunlad ng lipunan.

PHILIPPINE BIBLICAL WORLDVIEW FOUNDATION, INC. • 2015 •

**I. Multiple Choice**

1. Ikaw ay may dignidad sapagkat ___________
   a. may taglay akong kagandahang pisikal.
   b. nilikha akong kawangis ng Diyos.
   c. marami akong kakayanan at talento.

2. Ano ba ang nilalarawan ng tao tungkol sa Diyos?
   a. Ang tao ay may intellect, emotion at will.
   b. Ang tao ay may knowledge, righteousness at holiness.
   c. Parehong a&b

3. Alin sa mga sumusunod ang bunga ng Espiritu?
   a. Love, joy, peace, self-control
   b. Patience, goodness, understanding
   c. Gentleness, aggressiveness, kindness

4. Anong uri ng kalayaan ang pinagkaloob ng Diyos sa tao?
   a. Malaya ang tao na tuparin ang layuning pinagkaloob sa kanya ng Diyos sa anumang kaparaanang maisip niya.
   b. Malaya ang tao na tuparing ang sariling layunin sa anumang kaparaanang maisip niya.
   c. Malaya ang tao na tuparin ang sariling layunin lampas sa boudary na sinet ng Diyos.

5. Ang tao ay malaya kaya maaari siyang gumawa ng sariling batas na labas sa pananagutan ng Diyos.
   a. True
   b. False

6. Sa kuwento nila Adam at Eve sa Garden of Eden, paano isinalarawan ang uri ng kalayaan na pinagkaloob ng Diyos sa tao?
    a. Kahit anong bunga ng punongkahoy ay maaari nilang kainin – may pinagbawal ang Diyos – may kaakibat na parusa kung susuway
    b. Kahit anong bunga ng punongkahoy ay maaari nilang kainin – may ipinagbawal ang Diyos – walang mangyayari kung sila ay susuway
    c. Kahit anong bunga ng punongkahoy ay maaari nilang kainin – walang ipinagbawal ang Diyos – walang mapaparusahan

7. Paano nahulog sa kasalanan sina Adam at Eve?
    a. Noong pinakinggan at sinunod nila ang Diyos
    b. Noong suwayin nila ang utos ng Diyos
    c. Noong tinignan ni Eve ang bunga.

8. Ang kasalanan ay nagmumula sa
    a. Pagsasagawa ng maling gawain
    b. Pambubuyo ng ibang tao
    c. Pagkaakit at pagpapatangay sa tukso

9. Alin sa mga sumusunod ang tama?
    a. Sina Adam at Eve ay nakaranas agad ng pisikal at espirituwal na kamatayan matapos kainin ang bunga na pinagbabawal.
    b. Sina Adam at Eve ay nakaranas agad ng pisikal kamatayan matapos kainin ang bunga na pinagbabawal at espirituwal na kamatayan maraming taon ang lumipas.
    c. Sina Adam at Eve ay nakaranas agad ng espirituwal na kamatayan matapos kainin ang bunga na pinagbabawal at pisikal na kamatayan maraming taon ang lumipas.

10. Ano ang kabayaran ng ating kasalanan?
    a. kapatawaran
    b. kamatayan
    c. wala

11. Ano ang ibig sabihin ni Juan na si Jesus ay Kordero ng Diyos?
    a. Si Jesus ay parang maamong tupa.
    b. Ang buhay ni Jesus ang magiging handog upang ang dugo Niya ang panghugas ng kasalanan.
    c. Ang buhay ni Jesus ay malinis at walang bahid ng kasalanan.

12. Ano ang kinakailangang mangyari upang magkaroon ng kapatawaran ang iyong kasalanan?
    a. Ang pagdanak ng dugo ni Cristo sa krus ng Kalbaryo.
    b. Ang pgbibigay ng malaking abuloy sa simbahan.
    c. Ang paggawa ng kabutihan sa kapwa.

13. Sa John 3:16, sinasabi ng talata na mahal ng Diyos ang sangkatauhan kaya ibinigay ni Cristo ang Kanyang buhay upang magkaroon sila ng buhay na walang hanggan.
    a. True
    b. False

14. Ano ang magpapalaya sa tao mula sa fear, worry at anxiety, guilt and shame?
    a. Ang pagkakaroon ng maraming pera.
    b. Ang paniniwala sa mga katuruan ni Cristo.
    c. Ang pakikinig sa mga inspirational talk.

15. Alin sa mga sumusunod ang hindi ebidensya ng transpormasyong nangyayari sa buhay ng isang nagtitiwala kay Cristo.
    a. Nagiging mabuti ang kanyang relasyon at pakikitungo sa mga tao sa kanyang paligid.
    b. May kasiyahan, kagalakan at kapayapaan sa kanyang puso ano man ang sitwasyon niya sa buhay.
    c. Madali siyang makiayon sa agos ng mundo.

II. **Essay:** (At least 250 words)
Compose one (1) short devotion or essay: Ano ang pinaka-mahalagang bahagi ng pananaw sa buhay ang dapat baguhin ng ating mga kababayan?

***Note:***
1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*
2. *Ang essay ay isa-submit din sa iyong Pastor.*

© Revised August 23, 2021 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.